# iFilipino 6 – iExam for Unit 1

| Name: | | Score: | |
|---|---|---|---|
| Grade & Section: | | Teacher: | |

**I.** Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan sa bawat bilang. Piliin ang tamang sagot.

1. Ito ay kwento kung saan ang mga hayop ang gumaganap at ang mga hayop na ito y kumikilos at nagsasalita na tulad ng tao.
   a. Maikling Kwento
   b. Pabula
   c. Tula
   d. Talata

2. Ito ay isang uri ng aklat kung saan nakasaad ang mga mahahalagang pangyayaring sa iba't ibang larangan kagaya ng sports, business, science at iba. Nagsisilbi itong talaan ng mga naganap sa isang espisipikong taon.
   a. Atlas
   b. Diksyunaryo
   c. Almanak
   d. OPAC

3. Ito ay bahagi ng pananalita na nagbibigay-ngalan sa tao, bagay, hayop, lugar, pangyayari at kaisipan.
   a. Pangngalan
   b. Pang-abay
   c. Pandiwa
   d. Panghalip

4. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng pangngalang pantangi, maliban sa isa:
   a. Joseph
   b. Zonrox
   c. Sabon
   d. Bb. Llagas

5. Ito ay tumutukoy sa pangkalahatang ngalan ng tao, hayop, bagay, lugar, pangyayari at iba pa.
   a. Pantangi
   b. Tahas
   c. Basal
   d. Pambalana

6. Ano ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap."Kita mo na, sadyang mahina yang pagong mo, baka nga may sakit yan," kantyaw ng isang bata.
   a. Inaapi
   b. Inaasar
   c. Inaaway
   d. Sinasaktan

7. Ito ay hakbang, direksyon, instruksyon o paliwanag sa isang gawain.
   a. Panuto
   b. Hakbangin
   c. Talata
   d. Batas

8. Ang mga sumusunod ay mga dapat tandaan sa pagbibigay ng panuto, maliban sa isa:
   a. Maikli at madaling maintidihan.
   b. Gumagamit ng simpleng salitang madaling maintindihan.
   c. Maayos at may pagkasunod-sunod.
   d. Gumagamit ng malalalim na salita.

9. Ito ay mga panutong binibigkas o sinasalita. Ang halimbawa nito mga panuto na direksyon sa tuwing tinuturuan tayong magsaing ng ating ina.
   a. Pabigkas na panuto
   b. Hakbangin
   c. Pasulat na panuto
   d. Batas

10. Ito ay mga panutong nakasulat o nakalathala. Ang halimbawa nito ay mga panuto na nakalagay sa papel kung paano ang gagawing pagsagot sa mga pagsusulit.
    a. Pagbigkas na panuto
    b. Hakbangin
    c. Pasulat na panuto
    d. Batas

11. Ito ay isang pagsusuri sa ugnayan ng mga salita at nailalapat ito sa pagpapares ng bagong salita.Ang ugnayan ng dalawang salita ay maaaring ayon sa kasingkahulugan o kasalungat.
    a. Payak
    b. Tambalan
    c. *Word Analogy*
    d. Kasingkahulugan

12. Ito ay isang halimbawa ng pormularyong pampaaralan. Nagsasaad ng mga impormasyon tungkol sa may-ari. Ginagamit sa silid aklatan.Nagsasaad din ito ng iba't-ibang impormasyon upang ang aklat na hiniram ay maisauli sa taong tagapamahala nito.
    a. Kard Pang-aklatan
    b. Kard Pang-telepono
    c. Kard Pang-Guro
    d. Kard ng Mag-aaral

13. "Ang Boracay at matatagpuan sa Aklan." Anong gamit ng pangngalan sa pahayag.
    a. Simuno
    b. Pantawag
    c. Pamuno
    d. Layon ng Pang-ukol

14. Ang pangngalang tumatanggap ng kilos ay siyang layon ng pandiwa.
    a. Pantawag
    b. Pamuno
    c. Layon ng Pandiwa (Tuwirang Layon)
    d. Layon ng Pang-ukol

15. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang gamit ng pangngalan bilang pantawag.
    a. Papa, maari ba akong umalis?
    b. Ang Malolos ay makikita sa Bulacan.
    c. Tungkol sa hayop ang aklat na ito.
    d. Bumisita si Ana sa aming bahay.

16. Sa pagsulat ng_________________, mahalaga ang pagsagot sa mga tanong na ano, sino, saan, kalian, paano, at bakit.
    a. Talatang pinanonood
    b. Talatang binabasa
    c. Talatang dinidikta
    d. Talatang nagsasalaysay

17. Ito ay aklat na talaan ng mga salita na nagbibigay ng kahulugan o depinisyon ng mga ito. Ibinibigay rin ang wastong pagbigkas, wastong gamit, at wastong pagdadaglat. Nakaayos ng paalpabeto ang mga salita rito.
    a. Almanac
    b. Diksyunaryo
    c. Atlas
    d. Ensayklopedya

18. Ito ay aklat ng mga mapa.
    a. Atlas
    b. Ensayklopedya
    c. Thesaurus
    d. Almanac

19. Ang mga sumusunod ay di-tiyak na ngalan ng tao, maliban sa isa:
    a. Manananggol
    b. Maestro
    c. Nars
    d. Guro

20. Pangngalan na ginagamit sa mga bagay na walang kasarian.
    a. Di-tiyak
    b. Walang Kasarian
    c. Pambabae
    d. Panlalaki

21. Ito ay isang talatang nagbibigay kaalaman. Maaaring ipinapaliwanag nito ay ang pananaw tungkol sa isyu, ang dahilan ng isang pagkilos, maaaring maging bunga ng isang pangyayari, o ang paraan kung paano gawin ang isang bagay.
    a. Talatang nagpapaliwanag
    b. Talatang binabasa
    c. Talatang dinidikta
    d. Talatang nagsasalaysay

22. Ito ay nagtataglay ng mga kodigong bilang para maayos na pagmomonitor ng mga aklat. Ang mga bilang na ito ay tinatawag na call number. Nakaayos nang paalpabeto sa magkakahiwalay na kabinet o kahon. Nakalagay sa espesyal na kabinet na may titik sa may bukasan.
    a. Kard Katalog
    b. Kard ng Manunulat
    c. Kard ng Pamagat
    d. Kard ng Paksa

23. Alin sa mga sumusunod ang hindi uri ng kard katalog.
    a. Kard ng Manunulat
    b. Kard ng Pamagat
    c. Kard ng Paksa
    d. Kard ng Mag-aaral

24. Ito ay lipon ng mga salita na nagpapahayag ng isang buong diwa. Ito ay maaaring isang salita lamang o lipon ng mga magkakaugnay na salita na nagpapahayag ng buong diwa o kaisipan.
    a. Talata
    b. Aklat
    c. Pangungusap
    d. Awit

25. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng di-karaniwang ayos ng pangungusap, maliban sa isa:
    a. Siya ay nagtitinda ng mansanas sa palengke.
    b. Mabilis siyang tumakbo.
    c. Si Rose ay matalino.
    d. Ang kapatid ko ay makulit.

26. Ito ay panghalip na nagsasaad ng kaisahan, dami, o kalahatan ng pangngalan.
    a. Panao
    b. Pananong
    c. Panaklaw
    d. Patulad

27. Ang mga sumusunod na salita ay mga panghalip panao, maliban sa isa:
    a. Ako
    b. Ikaw
    c. Sila
    d. Ganito

28. Ang mahabang kawayan ang ipinanungkit niya ng bayabas.
    a. Maragsa
    b. Mabilis
    c. Malumi
    d. Mabagal

29. Liham na ipinadadala sa isang kamag-anak o kaibigan upang lumikha o magpanatili ng ugnayan. Ito ay personal na liham. Maaari itong maglaman ng pangungumusta, pagbati, kuwento, tanong o anumang magpapatibay ng mabuting relasyon.
    a. Liham Pangangalakal
    b. Liham Pangangamusta
    c. Liham Pangkaibigan
    d. Liham na Pakikiramay

30. Bahagi ng liham kung saan naglalaman ng address o petsa kung kailan isinulat ang liham. Kadalasan, kung petsa lamang, ito ay makikita sa gawing kanan ng liham sa pinaka-itaas na parte.
    a. Katawan ng Liham
    b. Pamuhatan
    c. Lagda
    d. Bating Pangwakas

# iFilipino 6 – Answer Keys for Unit 1

I.

1. B
2. C
3. A
4. C
5. D
6. B
7. A
8. D
9. A
10. C
11. C
12. A
13. A
14. C
15. A
16. D
17. B
18. A
19. B
20. B
21. A
22. A
23. D
24. C
25. B
26. C
27. D
28. A
29. C
30. B